

Filipino Bilang Wikang Panturo sa U.P. Integrated School: Isang Pag-aaral

Vilma M. Resuma at
Anthony C. Ocampo

Upang masuri ang bisa ng paggamit ng Filipino bilang wikang panturo (Wpn) sa UP Integrated School sa loob ng 10 taon, isinagawa ang mga sumusunod: (1) pinagkumpara sa Differential Aptitude Test ang kakayahan sa Ingles ng dalawang batch ng estudyante sa UPIS na magkaiba ang Wpn; (2) pinaghambing ang performance ng UPIS at non-UPIS examinees sa 2000 Grade 7 Admission Test; (3) sinuri ang performance ng UPIS sa UP College Admission Test mula 1983 hanggang 2000; (4) pinagkumpara ang general weighted averages at mean grades sa iba't ibang subjek sa grado 6 ng dalawang batch na magkaiba ang Wpn; at (5) tinukoy sa magkaka-hiwalay na pormularyo ang persepsyon ng mga estudyante, guro, magulang at alumni tungkol sa paggamit ng Filipino bilang Wpn.

Sa unang tatlong pamaraan, nakita sa datos na hindi nagpahuli, kundi man higit na mahusay, ang performance ng mga estudyanteng gumamit ng Filipino bilang Wpn kaysa sa grupong

aral sa Ingles. Sa pagkukumpara ng GWAs at mean scores, nakalamang hanggang grado 4 ang grupong aral sa Filipino sa pagdebe-lop ng mga akademikong kaalaman at kasanayan. Mula grado 5, natukoy na bilingual literate na ang dalawang grupo, o halos balanse na ang kanilang kakayahan at kasanayan sa una at pangalawang wika, at kapwa na nila nagagamit ang mga ito sa matalino at epektibong pagsasagawa ng mga prosesong edukasyonal. Ngunit batay sa datos mula sa mga pormularyo, kahit nakalamang ang Filipino sa lahat ng grado dahil sa "masiglang interaksyon sa loob ng klase," naghayag pa rin ng pangamba ang mga respondent tungkol sa kahandaan ng mga estudyanteng aral sa Filipino sa paggamit nila ng Ingles sa kolehiyo at iba pang layunin. Nadama nila ang kabutihan ng paggamit ng Filipino bilang Wpn sa lahat ng lebel, subalit walang korelasyon ang positibong persepsyong ito sa pagpili nila ng Ingles bilang Wpn simula sa mababang grado.

Panimula

Bilang primyer na unibersidad ng estado, nanguna ang Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa pagtugon sa probisyong pangwika ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas (Art. XIV, Sek. 6 at 7) na nagsasabing "gagawa ang gobyerno ng mga hakbang upang simulan at itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang wika ng opisyal na komunikasyon at wika ng pagtuturo sa sistema ng edukasyon." Noong Mayo 29, 1989, inaprobahan ng Lupon ng mga Rehente ng UP, sa rekomendasyon ng Pangulo ng Unibersidad noon na si Dr. Jose Abueva, ang patakarang pangwika na nagtakda ng "pagtuturo sa Filipino ng mga kurso sa antas undergraduate sa iba't ibang yunit sa buong sistema ng UP sa loob ng isang resonableng panahon o panahon ng transisyon na pagpapasiyahan ng bawat yunit."

Enero 1990 nang magkasundo ang fakulti ng U.P. Integrated School (UPIS), ang laboratory school ng Kolehiyo ng Edukasyon ng UP, na ipatupad sa basic education ang nasabing patakaran. Bumuo ng mga tiyak na plano ng implementasyon nito ang walong akademikong departamento ng UPIS, kasama na ang itinakdang time frame ng bawat departamento. Sa unang taon ay nagsuri ang fakulti ng mga ginagamit na materyales panturo, nagrebisa ng mga silabus, nagsimulang magsalin ng mga reperensya, at nagsimula na ring magsulat sa Filipino ng mga orihinal na kagamitang instruksiyonal. Ninasang mabigyan ng kaukulang suportang pinansyal ang mga naturang gawain kaya noong Enero

1991, nagharap ang UPIS fakulti ng isang proyektong pananaliksik na pinamagatang "Pagpapayabong ng UPIS Kurikulum sa Konteksto ng Palisi ng Wika at ng Programang Values Education." Nilayon ng proyekto na makabuo ng mga materyales panturong nasusulat sa Filipino para sa lahat ng subjek, maliban sa Ingles, mula kindergarten hanggang grado 10.

Naaprobahan ang proyekto, inilunsad simula AY 1991-1992 sa koordinasyon ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) ng UP Diliman, at pinondohan ng halagang P100,000.00 mula sa Opisina ng Pangulo ng Unibersidad. Isang seminar-workshop ang idinaos noong 1994 upang mapahusay pa ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagsulat ng mga modyular na kagamitan sa Filipino para sa iba't ibang subjek. Sa ilalim ng proyektong ito, nagbuo at sumubok (try-out) ng mga materyales panturong nasusulat sa Filipino ang iba't ibang akademikong departamento. Hanggang sa kasalukuyan, inililimbag ng Opisina ng Reserts, Debelopment at Paglathala (ORDP) ang mga materyales na binuo ng Departamento ng K-2, CA Filipino, Matematika, Sining Praktika, at Kalusugan na taunang nilalapatan ng rebisyon kung kinakailangan.

Pagkaraan ng halos 10 taong implementasyon ng naturang patakaran, isinagawa ng UPIS Committee on Research, sa ilalim ng ORDP at Opisina ng Assistant Principal for Academic Programs ang isang malawakang pananaliksik na magsusuri ng bisa ng nabanggit na patakaran.

Mga Layunin, Teorya at mga Kaugnay na Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na masuri ang bisa ng patakarang pangwika ng Sistema ng Unibersidad ng Pilipinas sa lebel ng basic education, partikular sa U.P. Integrated School mula kindergarten hanggang grado 10, sa lahat ng akademikong sabjek, maliban sa mga kursong Ingles. Mga tiyak na layunin nito na (1) mapag-aralan ang akademikong performance ng mga estudyante ng UPIS na ginamitan ng Filipino bilang wikang panturo (Wpn) kung ihahambing sa mga estudyanteng tinuruan sa wikang Ingles, at (2) matukoy ang persepsyon ng mga stakeholder ng paaralan (estudyante, guro, magulang at alumni) tungkol sa patakarang pangwika ng UPIS at kabuuang sistema ng Unibersidad.

Tiniyak ng Patakarang Pangwika ng UP (1990) ang teoryang nagsilbing pinakabasehan ng pag-aaral na ito: "Lalong mapapabilis ang pagtanggap ng mga kaalaman, at lalong magiging epektibo ang pagkatuto, kapag ang pagtuturo ay isinagawa sa wikang madaling maunawaan." Isinatinig ng dating Pangulo ng Unibersidad, Dr. Emil Q. Javier (1997) ang ganitong pananaw na ninasang patunayan ng pag-aaral: "Noon pa mang pagtibayin sa Konstitusyon ng 1935 ang pagbuo ng isang wikang pambansa na batay sa isang katutubong wika, alam na nating kailangang gamitin ang Filipino sa edukasyon. Noon pa... lumabas na ang mga pag-aaral na higit na mabisang gamitin sa pagtuturo ang Filipino kaysa Ingles at alinmang banyagang wika."

Unang binigyang-diin ng mga cognitivist noong 1960's ang pangkaisipang kalikasan ng wika na ayon

kina O'Malley at Chamot (1990) ay isang "masalimuot (complex) na kognitibong kasanayan." Nangangahulugan ito na habang gumagamit ng wika ang isang tao, lubos na gumagana ang kanyang pag-iisip at naipapakita ang kanyang talino at maging ang kanyang "multiple intelligences" (Gardner 1993). Maliwanag ang implikasyon nito sa paggamit ng katutubong wika sa pag-aaral at pagkatuto ng isang estudyante. Dahil naiintindihan na niyang mabuti ang wikang ginagamit bilang midyum ng pagtuturo, maisip na magiging madali para sa kanya ang paggamit ng matataas na kasanayang pangkaisipan (higher order thinking skills) sa mga pasalita at pasulat na gawain. Makapag-iisip siya nang mas malalim sa wikang kanyang nauunawaan at higit siyang makapagsusuri at makapagpapahayag ng sariling kaalaman at saloobin sa wikang lagi niyang naririnig, kundi man lubusang ginagamit.

Ganito rin ang pananaw ni Corson (2001) nang sabihin niyang may karapatan ang mga bata na matuto sa lenggwaheng katulad ng sinasalita sa kanilang tahanan, at dapat silang bigyan ng oportunidad na matutuhan ang kanilang katutubong wika sa posibleng pinakamataas na lebel ng kasanayan. Sa anumang lebel ng pag-aaral, inaakala niyang lubos na kailangan ng isang estudyante ang pagtataglay ng mga kasanayang linggwistik, lalo na ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo, sa pag-unawa at pagtalakay ng paksang pinag-aaralan. Sa tulong ng mga linggwistik na kahusayang ito, madali nang madebelop ang iba pang kahusayang komunikatibo tulad ng kakayahang sosyo-linggwistik at kakayahang makapagpapahayag ng sariling opinyon, makapagpaliwanag, makalikha ng mga orihinal na sulatin,

at iba pang kasanayang nangangailangan ng mapanuri at malikhaing pag-iisip. Higit umanong maipapakita ang ganitong mga kasanayan at kakayahan sa wikang ginagamit at lubos na nauunawaan.

Kaugnay ng kanyang pag-aaral tungkol sa bilinggwalismo, nakabuo si Cummins (1991) ng dalawang teorya tungkol sa wikang ginagamit sa pagkatuto. Una ang threshold theory na nagsasabing may dalawang threshold ng pagkatuto. Naabot na umano ng estudyante ang unang threshold kapag may sapat na siyang kakayahan sa unang wika (W1), at ang pangalawang threshold kung may balanse na siyang kakayahan at kasanayan sa una at pangalawang wika (W2). Ngunit hanggat hindi naaabot ng estudyante ang lebel na nakakaya na niyang konseptwal na matuto sa tulong ng W2, matitiyak lamang na mabagal ang kanyang pagkatuto ng mga leksyong kognitibo. Ikalawa ang teorya ng developmental interdependence hypothesis na nagsasabing ang lebel ng kakayahan ng estudyante sa W2 ay karaniwang nakadepende sa kanyang kakayahan sa W1. Kinakailangang sapat na ang kakayahan ng estudyante sa pagpapahayag sa tulong ng W1 bago siya matutong gumamit ng W2. Gayon din, kung hindi pa nadedebelop ang W1, maaring mahirapan ang mag-aaral na mapataas ang kanyang kakayahan sa W2 upang makinabang sa mga prosesong edukasyonal. Muli, kapwa ipinahihiwatig ng dalawang teoryang ito ang kahalagahan ng katutubong wika sa pagdebelop at paggamit ng mga kasanayang kognitibo.

Sa pangkalahatan, pangunahing teorya ng pag-aaral na ito na nakabase ang mabisa at kognitibong pagkatuto ng mga estudyante sa

paggamit ng una o katutubong wika. Sa papel na ito ay tinutukoy ang *Filipino* bilang Wpn sa UP Integrated School, sa bisa ng isang kautusang Konstitusyonal at ng patakarang pangwika ng Sistema ng Unibersidad ng Pilipinas. Hindi ito nangangahulugan na ipinagwawalang bahala ng pag-aaral ang kahalagahan ng wikang Ingles sapagkat isang katotohanang ang programa at pagtuturo nito sa UPIS, bilang isang subjek, ay lubos pa ngang sinusuportahan at hinihikayat na pagbutihin para sa mga akademiko at global na layunin.

Samantala, mula nang ipatupad sa UPIS ang patakarang pangwika ng Unibersidad ng Pilipinas, may ilan nang pananaliksik na isinagawa upang masuri ang bisa ng paggamit ng Filipino bilang Wpn at matukoy ang mga problema kaugnay ng implementasyon ng palisi. Kabilang sa mga pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

Una ang isang pormal na pag-aaral na isinagawa ng fakulti ng Departamento ng Kindergarten hanggang Grado 2 upang masuri ang bisa ng Filipino bilang Wpn sa lebel primarya (Hermosa 1996). Pinaghambing sa unang bahagi ng pag-aaral ang mean ng mga general weighted average (GWAs) sa grado 3 ng Batch 88 ng kindergarten (K88) na tinuruan sa Ingles at ng Batch 91 ng kindergarten (K91) na tinuruan sa Filipino.

Nakita sa pagsusuring istatistikal na makahulugan sa .05 level ang pagkakaiba ng akademikong performance ng dalawang batch, pabor sa grupong tinuturuan sa Filipino. Nagpahiwatig ang resulta na sa lebel primarya (K-2) ay higit na epektibo ang katutubong wika bilang Wpn. Mula naman sa pormularyong sinagot ng mga guro ay nakita ang ganitong mga positibong

obserbasyon: "Napakabilis ng pagkatuto sa panimulang pagbasa nang simulan ang pagtuturo sa Filipino sa kindergarten. Nakabasa agad ang mga bata at dahil may komprehensyon, naging madali ang pagdebelop ng bokabularyo at mga kasanayan sa iba't ibang lebel ng pag-unawa, at kinailangang gumamit ng mga aklat komersyal pagkat natapos agad ang mga materyales na gawa ng mga guro. Mula kindergarten hanggang grado 2 ay naging malaya, buhay at walang takot ang diskusyon sa klase kaya nakita ang lalim ng pag-iisip ng mga bata. Mas madali ring naintindihan ang mga konsepto sa Agham at Matematika at naging kapuna-puna ang kakayahan ng mga bata na mag-iisip nang mapanuri at malikhain."

Gayunman, bagamat maraming bentaheng nakita ang mga magulang at guro sa paggamit ng Filipino bilang Wpn sa K-2, natukoy din ang ilang problema. Kabilang dito ang hirap na nakaharap ng mga guro sa paghahanda at paghanap ng mga materyales panturo sa Filipino, gayon din ang pangamba ng mga magulang na "baka bumaba ang istandard ng UPIS."

Ikalawa ang pormal na pananaliksik na isinagawa ni Guevarra (2000) para sa Grado 3 hanggang 6 ng UPIS na nagkumpara ng mean ng GWAs sa grado 6 ng Batch 1995 na tinuruan sa Ingles sa nakararaming subjek at ng Batch 2003 na nasakop ng patakarang pangwika ng UPIS.

Ipinakita ng pagsusuring istatistikal na hindi significant sa .05 level ang pagkakaiba ng akademikong performance ng dalawang grupo sa grado 6. Bunga nito, ipinalagay ng mananaliksik na sa lebel intermediate ay hindi na masyadong mahalaga anuman ang Wpn upang matutong

mabuti ang mga estudyante. Gayunman, nagpasubali ang mananaliksik na may limitasyon ang resulta ng kanyang pagsusuri dahil hindi ikinunsider ang teacher-factor. Hindi tulad sa kindergarten hanggang grado 2 na self-contained o tinuturuan ng iisang guro ang isang seksyon sa lahat ng subjek, mula grado 3 hanggang 6 ay specialized o iba-iba na ang mga guro ng iba't ibang subjek.

Ayon pa rin sa pag-aaral na ito, kabilang sa mga bentahe ng Filipino bilang Wpn na binanggit ng 143 estudyanteng respondent ang mga sumusunod: "Mas naintindihan ko ang leksyon, mas matataas ang mga grado ko, at mas natututo ako." Para sa 58 magulang na respondent, "OK lang ang pagtuturo sa Filipino, bastat may paghahanda rin sa Ingles." Para sa siyam na gurong respondent, "Gumaganda ang daloy ng diskusyon dahil hindi nahihirapang mag-express ng sarili ang mga bata," at "Nadedebelop ang kritikal na pag-iisip at malayang nakakapagpahayag."

Natukoy na problema ng mga guro ang kakulangan ng mga materyales panturo, pagsasalin ng mga terminong teknikal, at kakulangan ng kakayahan ng mga bata na makapagsalin sa Filipino ng mga babasahing Ingles. Nangangamba naman ang mga magulang na baka mahirapang magpahayag sa Ingles ang kanilang mga anak at baka rin bumaba ang istandard ng UPIS.

Ikatio ang mga impormal na sarbey sa grado 7 hanggang 10 na magkahiwalay na isinagawa nina De Villa (Pebrero 1999) at Resuma (Agosto 1999) sa mga guro ng iba't ibang subjek sa UPIS. Inihayag ng mga guro ang sumusunod na positibong reaksyon sa pagpapatupad ng patakarang pangwika sa UPIS:

"Naging mas madali ang pagpapa-intindi ng mga konsepto sa Trigonometry, Geometry at Agham; naging mas masaya, buhay at mas marami ang lumalahok sa mga diskusyon pagkat may tiwala sa sarili at hindi natatakot magtanong o magpahayag ng sarili ang mga bata; naging mas mapanuri at malawak ang diskusyon ng mga kumplikadong problemang matematikal at mas malalim ang mga tanong; at lumalim/lumawak ang nilalaman ng mga output ng mga estudyante, pasalita man o pasulat, dahil mas naiintindihan ang mga konsepto."

Ngunit marami ring tinukoy na problema sa grado 7-10. Kabilang dito ang (a) malaking kakulangan ng mga materyales panturong nasusulat sa Filipino; (b) kawalan na ng kahusayan sa Ingles, hindi pa maayos na paggamit ng Filipino sa pormal na rehistro; (c) doble o tripleng trabaho sa pag-aaral bunga ng pagbabasa sa Ingles, pagsalin sa Filipino, at paglilip sa dalawang wika; (d) kawalan ng malawakang follow-up ng patakarang pangwika ng UPIS sa kolehiyo, kahit pa sa UP mismo; (e) pagkadehado ng mga estudyante at gradwey ng UPIS sa pag-aaplay ng trabaho at iskolarship, at sa pagsali sa mga kontest na nangangailangan ng mahusay na paggamit ng Ingles; at (f) katamaran ng maraming estudyante ng UPIS sa pagbasa ng literaturang pandaigdig at mga babasaheng nakasulat sa Ingles dahil kulang ang kanilang pagkakatantad o exposure sa mga ito.

Ikaapat ang pag-aaral ng akademikong rehistro ng Filipino na ginagamit ng mga estudyante at guro sa UPIS (Resuma 1994). Sinuri sa pag-aaral ang ilang halimbawa ng nakasulat na materyales na ginagamit sa paaralan, kabilang ang mga

modyul, pormal at impormal na komposisyon, ulat ng mga estudyante sa iba't ibang subjek, memorandum/liham ng prinsipal sa fakulti at magulang, at katitikan ng mga pulong na nakasulat sa Filipino.

Ipinakita ng datos ang mga sumusunod na pangkalahatang preperensya ng UPIS sa paggamit at/o panghihiram ng Filipino sa ibang wika:

Unang preperensya ang paghanap o paggamit ng mga katumbas na salitang katutubo sa leksikon ng wikang Filipino upang maipahayag ang konsepto tulad ng *pagligid* para sa "revolution," *salik* para sa "factor," *pahilis* para sa "diagonal," at *saloobin* para sa "attitude." Pangalawa ang ganap o tuwirang panghihiram sa wikang Kastila sa paraang iniaayon ang bigkas-Kastila sa ponolohiya at ortograpiyang Tagalog na may 20 titik gaya ng *ebalwasyon*, *serbisyo*, *tema*, *diskusyon*, *eksakto*, at *domestiko*. Pangatlo ang ganap o tuwirang panghihiram ng mga salita sa wikang Ingles at iba pang wika at pagpanatili ng orihinal na ispelng ng mga ito tulad ng *photosynthesis*, *chlorophyll*, *fraction*, *evaporate*, at *starch*. Pang-apat ang panghihiram sa Ingles at pagbabago ng ispelng upang maiangkop sa ponolohiya at ortograpiyang Tagalog, tulad ng *sarbey*, *ispelng*, *trapik*, *interbyu*, *iskedyul*, at *palisi*. Panlima ang panghihiram sa Ingles at iba pang banyagang wika at pagbaybay ng mga salita ayon sa ponolohiya at ortograpiyang Filipino na may 28 letra, gaya ng *subjek*, *fakulti*, at *verbal*. Panghuling preperensya ang paglikha (coining) ng mga bagong termino para sa mga konseptong hindi likas-Pilipino katulad ng *parirami* para sa "square root" at *hayhay* para sa "atmosphere."

Sa pangkalahatan, nakita ng pag-aaral ang "dating-lingua franca" ng wikang Filipino ng UPIS sa nakaraming dokumentong sinuri. Ito umano ang Filipinong "buhay" sapagkat bukas sa paggamit ng mga salitang banyaga, lalo ng mga salitang Ingles na karaniwang binabaybay sa orihinal na ispelang, at mga salitang Kastila na baybay-Tagalog. Ayon pa sa pag-aaral, hindi ito masasabing "Taglish" pagkat Filipinong-Filipino ang istruktura ng mga pangungusap. Sa kabuuan, ito ang Filipinong madaaling maintindihan at magamit ng lahat sa loob ng klase, kaya naman tulad ng nabanggit sa mga naunang pag-aaral, "nagiging malaya, buhay, at walang takot ang diskusyon" ng mga estudyante at guro.

Ipinakita ng apat na pag-aaral ang bisa ng Filipino bilang wika ng instruksyon sa UPIS, ngunit mahihinuha rin sa mga ito ang hindi ganap na pagtanggap ng mga estudyante, guro at magulang ng paaralan sa naturang wika dahil na rin sa mga problemang karaniwang nakakaharap sa paggamit nito bilang Wpn. Ginamit sa kasalukuyang pananaliksik ang resulta ng mga naturang pag-aaral bilang karagdagang batayan ng isang malawakan at sistematikong pagsusuri ng kabuuang bisa ng patakarang pangwika ng UP Integrated School pagkaraan ng 10 taon.

Mga Pamaraan at Resulta ng Pagsusuri

Upang matugunan ang layunin ng pag-aaral, limang quantitative na pamaraan ng pananaliksik ang ginamit simula AY 1999-2000. Naging pangkahalating layunin ng bawat pamaraan na mapagkumpara ang bisa ng paggamit ng Filipino at Ingles bilang mga midyum ng pagtuturo.

Narito ang limang pamaraan at ang resulta ng bawat isa:

Paggamit ng Differential Aptitude Test (DAT)

Naglayon itong masuri kung totoo ang pag-aakalang bunga ng paggamit ng Filipino bilang Wpn ay hihina ang mga estudyante sa paggamit ng Ingles. Ginamit ang dalawang sub-test ng DAT – ang English Language Usage Test at ang Spelling Skills Test na ibinibigay sa mga estudyante ng UPIS sa grado 8 – upang mapagkumpara ang kakayahan sa wikang Ingles ng UPIS Batch 1994 (B94) na Ingles ang ginamit na Wpn, at ng Batch 2002 (B02) na tinuruan sa wikang Filipino.

Binuo ng 216 estudyante ang B02; 69 ang lateral entrants (LEs) na sa grado 7 natanggap. May 174 estudyante naman ang B94, walang LEs. Upang matiyak ang homogeneity, hindi isinama ang LEs ng B02. Nang ipakuha sa mga estudyante ang DAT, walong taon nang tinuturuan sa Filipino ang B02; walong taon ding tinuruan sa Ingles ang B94. Kumuha ng mga pinagpares na estudyante (matched pairs) mula sa dalawang batch, batay sa sex at mental ability na nauna nang sinukat ng School Ability Index (SAI) sa grado 7. Kinategorya ang mga estudyante sa mga grupong superior, above average, average, at below average at batay sa ganitong parametro, 102 matched pairs ang nabuo.

Batay sa Talahanayan 1, nahigitan ng Batch 2002 (Fil ang Wpn sa loob ng walong taon) ang Batch 1994 (Eng ang Wpn sa loob din ng walong taon) sa dalawang sub-test. Gayunman, batay sa t-test ng pinagpares na sample (paired samples) ay hindi makahulugan sa 0.05 level ang pagkakaiba.

Talahanayan 1. English Skills ng B02 at B94

Skill/ Test	Mean Score		t-value	Signifi- cance at .05 level
	Batch 2002	Batch 1994		
Spelling	85.60	82.64	-1.473	0.144
Language Use	54.72	53.33	-0.512	0.610

Paghahambing ng Performance ng UPIS at Non-UPIS Examinees sa 2000 Grade 7 Admission Test

Nilayon nitong matukoy kung may makahulugang pagkakaiba ang raw scores ng mga estudyante ng UPIS (Filipino ang Wpn mula kindergarten) at mga estudyanteng non-UPIS (tinuruan sa ilalim ng palising bilingguwal ng noon ay DECS) sa sub-tests na English, Math (English items) at Math (Filipino items).

Pinagkumpara ang raw scores ng lahat ng estudyanteng kumuha ng naturang admission test, kabilang ang (a) 140 (8%) na estudyante ng UPIS Grado 6 na Fil ang Wpn mula K; (b) 292 (16%) na estudyante ng public schools Grado 6 na may edukasyong bilingguwal (EB); (c) 1238 (69%) na estudyante ng private schools Grado 6 na may EB; at (d) 117 (7%) na estudyante ng private schools Grado 7 na may EB. Ginamit na istatistiks ang one-way analysis of variance na may tatlong sub-test (English, Math-Fil items, Math-Eng items) bilang dependent, at school type (UPIS, Public, Private grade 6, Private grade 7) bilang factor, kasama ang Post Hoc analysis na gumamit ng Tukey sa .05 level of significance. Na-generate ang istatistics sa tulong ng SPSS 10.0.1.

Sa analysis of variance, natukoy ang pagkakaiba ng performance ng apat na grupo ng UPIS examinees sa 2000 UPIS Grade 7 Admission Test. Nakita sa Post Hoc (Tukey) test na ang mean scores (MS) ng Private Grado 7 examinees sa tatlong sub-test (English, Math na nakasulat sa English, at Math na nakasulat sa Filipino) ay mas matataas kaysa MS ng iba pang examinees, bagamat hindi makahulugan, o walang significant difference, ang mean scores na ito sa MS ng UPIS examinees. Mas mataas naman ang MS ng UPIS sa tatlong sub-test kaysa MS ng Public at Private Grado 6 examinees at ang pagkakaiba ay makahulugan sa ibang sub-test, di makahulugan sa iba pa.

Sa paghahambing ng mga iskor sa English sub-test, nakitang ang lebel ng masteri ng UPIS examinees ay pareho lamang sa lebel ng masteri ng Private Grado 6 at 7 examinees. Ngunit kung ikukumpara sa Public Grado 6 examinees ay significant na mas mahusay ang masteri ng Ingles ng UPIS examinees. Sa Math (Eng at Fil) sub-tests ay konsistent ang resulta: significant na nataasan ng UPIS examinees ang Public Grado 6 examinees; insignificant naman ang pagkakaiba ng performance nila at ng Private Grado 7 examinees. Gayon din, sa Math-Filipino sub-test lamang makahulugang nataasan ng UPIS examinees ang mga nasa Private Grado 6, at bagamat nataasan din nila ang grupong ito sa Math-English, hindi naman makahulugan ang pagkakaiba.

Pagtukoy ng UPCAT Performance ng UPIS Vis-a-vis Midyum ng Pagtuturo

Naglayon itong masuri kung nakaaapekto sa UPCAT passing percentage (PP) ng mga estudyante

ng UPIS ang paggamit ng Filipino bilang Wpn. Partikular na layuning (1) masuri ang trend ng UPCAT PP bago gamitin sa UPIS ang Filipino bilang Wpn; (2) matukoy ang trend ng UPCAT PP nang ipagamit sa UPIS ang Fil bilang Wpn; at (3) magkumpara ang mean UPCAT PPs sa mga panahong Ingles o Filipino ang Wpn sa UPIS. Hindi isinama sa pag-aaral ang 1991-1993 UPCAT takers dahil kapwa nila naranasan ang paggamit ng Ingles at Filipino bilang Wpn. Samantala, ang dalawang grupong pinagkumpara ay gumamit lamang ng Ingles o Filipino bilang Wpn sa loob ng apat na taon (Talahanayan 2).

Upang makita ang trend, isinagawa ng correlation (gamit ang Pearson) sa taon at percent passing na limitado sa mga grupong Ingles o Filipino lamang ang Wpn. Para masukat ang pagkakaiba ng mean passing percentage (MPP) ng dalawang grupo, ginamit ang t-test para sa independent samples sa .05 level of significance. Na-generate rin ang istatistiks sa tulong ng SPSS 10.0.1.

Sa unang tingin, habang tumatagal ay parang tumataas ang passing percentage (PP) ng UPIS sa mga taong Ingles ang Wpn, samantalang mukhang bumababa ang PP nito sa mga taong Filipino ang ginagamit na Wpn. Ngunit ipinakita ng Pearson correlation coefficient na 0.396 na may mahinang positibong correlation ang year-passing percentage sa panahong Ingles ang Wpn. Hindi ito makahulugan sa .05 level na nangangahulugang walang linear trend. Ipinakita rin ng Pearson correlation coefficient na may mahinang negatibong correlation ang year-passing percentage sa

Talahanayan 2. UPCAT Performance ng UPIS sa Iba't Ibang Taon

Taon	Wikang Panturo	Passing %
1983	English	52
1984	English	49
1985	English	56
1986	English	45
1987	English	55
1988	English	47
1989	English	62
1990	English	56
1991	Mixed	58
1992	Mixed	42
1993	Mixed	51
1994	Filipino	64
1995	Filipino	64
1996	Filipino	59
1997	Filipino	65
1998	Filipino	58
1999	Filipino	47
2000	Filipino	55

panahong Filipino ang Wpn. Insignificant din ito sa .05 level, at wala ring linear trend.

Sa paghahambing ng average passing percentage (APP) ng mga panahong ginagamit ang Ingles o Filipino bilang Wpn, nakitang 52.75 ang APP sa mga taong Ingles ang Wpn, samantalang 57.75 ang APP sa mga taong ang Wpn ay Filipino. Gayunman, bagamat mas malaki ang APP sa mga taong Filipino ang midyum ng instruksyon, hindi naman makahulugan ang pagkakaiba sa .05 level.

Paghahambing ng GWAs at Mean Grades ng Batch 1995 (Eng ang Wpn) at Batch 2003 (Fil ang Wpn) sa Grado 3-6 sa Iba't Ibang Sabjek

Layunin nitong matiyak kung may makahulugan at mahalagang pagkakaiba sa academic achievement ang mga estudyanteng tinuruan sa magkaibang wika sa magkaibang panahon. Hindi nasakop ng patakarang pangwika ng UP ang Batch 1995 kaya Ingles ang Wpn sa kanila sa buong elementarya (K-6), bagamat sa ilalim ng Patakarang Bilingguwal ng 1987 ay tinuruan din sila ng Araling Panlipunan at Sining Praktika sa wikang Filipino. Samantala, ang Batch 2003 ang unang grupong nasakop ng palising pangwika ng UP, kaya nang magtapos sila sa elementarya noong 1999, hasanghasa na sila sa Filipino bilang Wpn sa lahat ng sabjek, maliban sa CA English.

Ginamit na instrumento ang mga akademikong rekord ng dalawang batch mula grado 3 hanggang 6 at mula rito, kinumput at pinaghambing ang kanilang GWAs sa grado 6. Gayon din ang ginawa sa mga mean score sa Ingles, Matematika, Agham, Filipino, Araling Panlipunan, at Kalusugan. Upang matukoy kung may mahalagang pagkakaiba ang performance ng dalawang grupo, ginamit ang t-test para sa independent at/o paired samples.

Ito ang resulta ng pagsusuri sa datos:

Pangkalahatang Mean Grades (GWAs) ng Batch 95 at 03. Batay sa GWAs sa grado 6, makahulugan ang pagkakaiba ng akademikong performance sa grado 3 at 4 ng dalawang batch ng mga estudyante, pabor sa grupong gumamit ng Filipino bilang Wpn. Sa kabilang dako,

hindi na significant ang pagkakaiba ng performance ng dalawang grupo sa grado 5 at 6, bagamat bahagya pa ring mataas ang GWAs ng grupong gumamit ng Filipino bilang Wpn (Talahanayan 3a).

Talahanayan 3a. Pangkalahatang Mean Grades (GWAs) sa Grado 3-6 ng B95 at B03

Grado	t-value	Df	Sig. (2-tailed)
3	4.885	78	.000
4	3.425	78	.001
5	.601	78	.550
6	.418	78	.677

Mean Grades sa Ingles. Makahulugan ang pagkakaiba ng akademikong performance ng dalawang batch sa grado 3 at 4, pabor sa Filipino, at mas mataas pa ang mean average sa Ingles ng Batch 2003 na Filipino ang Wpn kaysa Batch 95 na tinuruan sa Ingles mismo. Gayunman, hindi na significant ang pagkakaiba ng kanilang performance sa grado 5, at significant muli sa grado 6, pabor na sa batch na tinuruan sa Ingles.

Talahanayan 3b. Mean Grades sa Ingles

Grado	t-value	Df	Sig. (2-tailed)
3	4.455	78	.000
4	2.737	78	.008
5	-.623	78	.535
6	-2.855	78	.006

Mean Grades sa Matematika. Sa tatlong lebel (grado 3, 4 at 6) makahulugan ang pagkakaiba ng performance ng dalawang batch, pabor sa grupong gumamit ng Filipino bilang wikang panturo.

Talahanayan 3c. Mean Grades sa Matematika

Grado	t-value	Df	Sig. (2-tailed)
3	3.846	78	.000
4	3.819	78	.000
5	.598	78	.552
6	5.035	78	.000

Mean Grades sa Agham. Lubhang makahulugan ang pagkakaiba ng mean average ng dalawang batch sa grado 3 at 4, pabor sa Filipino. Bahagyang mataas, bagamat hindi na significant ang mean average ng grupong Ingles sa grado 5; parehong-pareho naman ang kanilang GWAs sa grado 6.

Talahanayan 3d. Mean Grades sa Agham

Grado	t-value	Df	Sig. (2-tailed)
3	6.818	78	.000
4	2.607	78	.011
5	-.836	78	.406
6	.044	78	.965

Mean Grades sa Filipino. Significant din ang pagkakaiba ng GWAs sa grado 3 at 4, pabor sa Filipino. Hindi na makahulugan, bagamat bahagyang mataas pa rin ang performance ng Batch 03 sa grado 5 at 6.

Talahanayan 3e. Mean Grades sa Filipino

Grado	t-value	Df	Sig. (2-tailed)
3	3.070	78	.003
4	4.840	78	.000
5	1.259	78	.212
6	1.250	78	.25

Mean Grades sa Araling Panlipunan. Sa tatlong grado (3, 4 at 5) makahulugan ang pagkakaiba ng GWAs ng dalawang batch sa Araling Panlipunan, pabor sa Batch 2003 na laging ginagamitan ng Filipino bilang Wpn. Hindi na significant ang kanilang pagkakaiba sa grado 6.

Talahanayan 3f. Mean Grades sa Araling Panlipunan

Grado	t-value	Df	Sig. (2-tailed)
3	2.518	78	.014
4	2.051	78	.044
5	2.005	78	.004
6	-1.357	78	.179

Mean Grades sa Kalusugan. Tulad sa nakararaming subjek, makahulugan sa grado 3 at 4 ang pagkakaiba ng mean scores ng dalawang batch sa Kalusugan, pabor sa Filipino bilang Wpn. Hindi na significant ang pagkakaiba sa dalawang huling grado, bagamat bahagyang mataas sa grado 5 ang Batch 03, samantalang bahagyang mataas sa grado 6 ang Batch 95.

Talahanayan 3g. Mean Grades sa Kalusugan

Grado	t-value	Df	Sig. (2-tailed)
3	4.124	78	.000
4	2.247	78	.027
5	.746	78	.458
6	1.497	78	.138

Nakita sa Talahanayan 3a hanggang 3g ang pagkakatulad ng GWAs at mean grades sa iba't ibang subjek ng dalawang batch na tinuruan sa magkaibang wika. Konsistent na makahulugan ang kahusayan ng performance sa grado 3 hanggang grado 4 ng mga estudyanteng tinuruan sa Filipino. Sinusugan nito ang napatunayan ng mga guro ng UPIS sa Departamento ng K-2 (tingnan sa naunang talakay) na sa grado 3, makahulugan ang pagkakaiba ng GWAs ng K88 na tinuruan sa Ingles at K91 na tinuruan sa Filipino, pabor sa grupong ginamitan ng Filipino bilang Wpn. Iisa ang ipinahihiwatig ng dalawang pag-aaral: may katotohanan ang teoryang mahalaga ang paggamit ng sariling wika tungo sa mas mabisa, mabilis at makahulugang pagkatuto, anuman ang subjek na pinag-aaralan. Natukoy na mas totoo ito mula kindergarten hanggang grado 4.

Samantala, konsistent ding nakita na wala nang significant difference ang akademikong performance ng mga respondent mula grado 5 pataas, na nagpapahiwatig na sa grado 5, may katotohanan ang sinabi ni Cummins na naabot na ng mga estudyanteng kasangkot sa pag-aaral ang ikalawang threshold kung saan mayroon na silang "balanse (o halos balanseng) kasanayan sa una at pangalawang wika." Sa lebel na ito, maaaring sabihing bilingual literate na kapwa sa wikang Filipino at Ingles ang mga estudyanteng kasangkot sa pag-aaral.

Paggamit ng mga Pormularyong Pang-sarbey

Naglayon itong matukoy ang pananaw o persepsyon ng iba't ibang sektor na apektado ng palising pang-wika ng UPIS. Ginamit sa pamaraang ito ang apat na pormu-

laryo na may dalawang bahagi ang bawat isa.

Unang bahagi ang Likert Scale na ang mga kategorya ay ipinasuri sa limang interval na may ganitong verbal na deskripsyon: 3.75 - 5.0 (lubos na sumasang-ayon); 2.50 - 3.74 (sumasang-ayon); 1.25 - 2.49 (di-sumasang-ayon); 0 - 1.24 (lubos na di sumasang-ayon). Nasa ikalawang bahagi ang panutong ito: (a) "Lagyan ng tsek ang asignaturang para sa inyo ay dapat gamitan ng Filipino bilang wikang panturo;" at (b) Para lamang sa mga guro, magulang at alumni: "Sakaling ipagagamit muli ang Ingles bilang wikang panturo sa ilang asignatura, sa anong grado ninyo imumungkahi itong simulan?"

Kabilang sa mga respondent na sumagot ng mga pormularyong pang-sarbey ang mga sumusunod:

Una ang 980 estudyante ng UPIS: 373 (38%) mula sa elementarya at 607 (62%) mula sa hayskul. Pinangkat ang mga estudyante sa hayskul sa 219 (36%) lateral o mga natanggap sa grado 7 ng UPIS, at 388 (64%) non-lateral o pumasok sa kindergarten.

Ikalawa ang 34 guro ng UPIS sa iba't ibang subjek (maliban sa Ingles at Filipino), kabilang ang limang guro sa K-2, 10 sa grado 3-6, 18 sa hayskul, at dalawang nagtuturo sa elementarya at hayskul. Lahat sila ay nakapagturo ng kanilang subjek sa wikang Ingles bago ipinatupad ang palising pangwika, at sa Filipino simula noong 1991.

Ikatlo ang 574 magulang ng UPIS, kabilang ang 282 magulang ng mga batang nasa hayskul, 170 magulang ng nasa elementarya, 54 magulang na may mga anak kapwa sa hayskul at elementarya, at 68 na hindi tumiyak kung nasaang lebel ang anak.

Ikaapat ang 59 na alumni ng UPIS na nasakop ng patakarang pangwika ng paaralan, kabilang ang lima (8%) mula sa Batch 95, apat (7%) sa Batch 96, 13 (22%) sa Batch 97, 16 (27%) sa Batch 98, at 21 (36%) sa Batch 99.

Nilapatan ng istatistikal na pagsusuri ang iba't ibang kategorya sa bawat pormularyo upang makuha ang bahagdan o percentage ng preperensya ng bawat grupo ng mga respondent.

Ito ang resulta ng pagsusuri sa datos mula sa mga pormularyong pangsarbey:

Pangkalahatang Pananaw ng mga Estudyante, Guro, Magulang at Alumni tungkol sa Paggamit ng Filipino Bilang Wpn. Nasa Talahanayan 4a ang positibong persepsyon ng lahat ng estudyanteng respondent sa paggamit ng Filipino bilang Wpn. Walang bumaba sa verbal na deskripsiyong "sumasang-ayon" ang kanilang pangkalahatang pananaw.

Talahanayan 4a. Pangkalahatang Pananaw ng mga Respondent na Estudyante tungkol sa Paggamit ng Filipino bilang Wpn

Lubos na sumasang-ayon (3.75-5.0)		Sumasang-ayon (2.50-3.74)	
Sa tulong ng Filipino bilang wikang panturo-			
Madalas gamitin ang Filipino sa usapan	4.35	Tinatangkik ang gawang Pilipino	3.74
Naintindihan ang mga paksa	4.17	Mas maraming babasahin sa Fil na nagagamit	3.67
Nakakalahok sa mga diskusyon	4.14	Mas handa sa pag-aaral sa HS/College	3.56
Hindi problema ang paggamit ng computer	4.10		
Madaling maintindihan ang Ingles	4.07		
Madaling maisulat ang mga nais sabihin	4.06		
Nagiging kawli-wili ang talakayan	4.00		
Nakakapag-isip ng mas malalim	3.94		
Naipapakita ang pagkamalikhain	3.86		
Hindi problema ang paggamit ng Ingles	3.83		
Interesante at madali ang pag-aaral	3.81		
Nagagamit ang iba't ibang uri ng media	3.75		

Gayunman, sa magkakahiwalay na pagsusuri ng persepsyon ng mga estudyanteng kinategorya sa elementarya at hayskul, gayon din sa lateral at non-lateral, mahuhulaan ang ilang negatibong implikasyon tulad ng mga sumusunod: (a) hindi garantiya ang paggamit ng wikang sarili sa pagiging makabayan, partikular sa "pagtangkilik ng mga gawang Pilipino;" (b) nadarama ng mga respondent ang kakulangan ng mga akademikong materyales sa pag-aaral nila ng iba't ibang subjek gamit ang Filipino bilang Wpn; at (c) bagamat "madaling maintindihan ang Ingles" at "hindi problema ang paggamit ng Ingles," nag-aalala ang mga respondent tungkol sa "kahandaan nila sa pag-aaral sa hayskul/kolehiyo."

Batay sa Talahanayan 4b, tulad ng mga estudyante ay may positibong persepsyon ang mga gurong respondent sa paggamit ng Filipino bilang Wpn sa UPIS sa pangkalahatan. Sa 19 na aytem sa pormularyo, walang nakakuha ng mean rating sa Likert scale na katumbas ng mas mababa sa verbal na deskripsyong "sumasang-ayon".

Talahanayan 4b. Pangkalahatang Pananaw ng ng mga Respondent na Guro tungkol sa Paggamit ng Filipino bilang Wpn

A. Sa paggamit ng Filipino bilang Wpn nakita kong ang aking mga estudyante ay-	Rating	B. Sa aking pagtuturo na ginagamit ang Fil bilang Wpn ako ay-	Rating
(Lubos na sumasang-ayon)		(Lubos na sumasang-ayon)	
Mas may tiwala sa sarili sa pagtatanong at pagpapahayag ng mga ideya	4.21	Mas natural na nakaka-relate sa mga estudyante	4.12
Mas natural ang relasyon sa guro	4.15	Mas matatas sa paggamit ng Filipino sa pagsulat at pagsasalita	4.00
Mas buhay at masayang nakakalahok sa diskusyon	4.12	Mas madali at mahusay na nakakapagpahayag ng sarili	3.94
Mas madaling nakakaintindi ng mga konsepto	4.00	Mas nagiging malikhain sa aking pagtuturo	3.82
		Mas nakakaisip ng mga mapanuring tanong	3.77
(Sumasang-ayon)		(Sumasang-ayon)	
Mas madaling makakita ng mga misconception	3.71	Mas madaling nakapagsusulat ng mga materyales	3.69
Mas mataino at madaling nakasusulat ng ideya	3.65	Nakapagsasalin ng mga materyales sa Ingles	3.50
Mas marami at mahusay ang output	3.59	Hindi na gumagamit ng mga scientific jargon	3.44
Mas malalim at mapanuring nakapag-iisip	3.56	Mas maraming natatapos na paksang-aralin	3.18
Mas mabilis makatapos ng mga gawain	3.35	May sapat na mga kagamitang panturo	2.88

Partikular na mahuhulaang nakikita ng mga guro ang bentahe ng palising pangwika ng UPIS kung isasaalang-alang ang phatic o relasyonal, gayon din ang akademikong gamit ng wika. Gayunman, kung ikukumpara sa rating ng mga estudyante, mapapansing mas mabababa ang rating ng fakulti sapagkat mas maraming aytem ang nakatanggap na verbal na deskripsiyong "sumasang-ayon." Kapansin-pansin ang kategoryang "May sapat na kagamitang panturo" na nakatanggap lamang ng 2.88 mean rating na lower limit sa deskripsiyong "sumasang-ayon."

Ayon sa Talahanayan 4c, positibo rin ang persepsyon ng lahat ng respondent na magulang, anumang grado naroon ang kanilang anak, sa paggamit ng Filipino bilang Wpn sa UPIS. Gayunman, mahahalata ang kanilang "pag-aalala" sa mga kategoryang baka magkaproblema ang kanilang anak sa paggamit at pag-unawa ng Ingles lalo na sa pag-aaral nila sa hayskul o kolehiyo, gayon din sa kakulangan ng mga materyales, lalo na ng mga aklat na magagamit sa pag-aaral habang Filipino ang Wpn.

Talahanayan 4c. Pangkalahatang Pananaw ng mga Respondent na Magulang tungkol sa Paggamit ng Filipino bilang Wpn

Kategorya	Rating				
	Lahat ng Magulang	May anak sa HS	May anak sa Elem	Parehong nasa HS & Elem	Walang sinabing antas
Lubos na sumasang-ayon/Sumang-ayon:					
Nakagagamit ng Filipino sa araw-araw na komunikasyon	4.22	4.19	4.33	4.31	3.97
Mabilis umintindi ng leksyon	3.88	3.87	4.06	3.69	3.59
Mahusay at malalim na nakapag-iisip	3.82	3.84	3.97	3.67	3.51
Nakapagpapahayag ng ideya at saloobin	4.06	4.06	4.14	3.87	3.99
May interes sa pag-aaral	3.89	3.91	3.99	3.81	3.61
Maka-Pilipino	3.88	3.84	4.02	3.77	3.75
Sumasang-ayon/lubos na sumasang-ayon					
Walang problema sa paggamit ng Ingles	3.47	3.68	3.36	3.00	3.19
Sapat ang mga aklat	3.27	3.31	3.29	3.13	3.19
Madaling makaintindi ng Ingles	3.69	3.88	3.67	3.26	3.31
Handa sa pag-aaral sa HS/College	3.68	3.79	3.66	3.39	3.47

Pitong (7) kategorya lamang ang isinama sa pormularyo para sa mga alumni, gaya ng makikita sa Talahanayan 4d. Anim dito ang nabigyan ng mean rating na katumbas ng verbal na deskripsiyong "lubos na sumasang-ayon" na nagpapahiwatig ng mga positibong implikasyon. Isa ang mahusay na pagtuturo sa UPIS kaya "naihahanda ang mga estudyante sa pag-aaral sa kolehiyo." Isa pa ang lalong mahusay na instruksyon sa CA English na nakapaghahanda ng mga estudyante upang "hindi mahirapan sa mga kursong itinuturo sa Ingles." Waring sagot ang resultang ito sa nadaramang pangamba ng mga respondent na estudyante at magulang na baka hindi gaanong naihahanda ng UPIS ang mga estudyante nito sa pag-aaral sa kolehiyo at baka magkaproblema sila sa paggamit ng Ingles. Gayon din, bagamat nasa lower limit ng "lubos na sumasang-ayon" ang kategoryang "nadarama ang pagka-Pilipino" dahil sa paggamit ng Filipino bilang Wpn, mahuhulaang kahit paano ay nakatulong sa mga respondent na alumni ang wika upang madama ang nasyonalismo.

Kapansin-pansin ang natatanging aytem na nakatanggap ng negatibong deskripsiyong "di sumasang-ayon": "Mas pinipili sa kolehiyo ang kursong Filipino ang MOI." Maitatanong tuloy: sawa na kaya ang mga alumni ng UPIS sa paggamit ng Filipino bilang Wpn mula kindergarten hanggang grado 10? O ito ba'y kaso pa rin ng isipang kolonyal na higit na nagpapahalaga sa mga banyagang bagay, kasama na ang wikang Ingles? O baka kaya naman may mga realistikong pangamba sila pagkatapos ng kolehiyo, tulad ng paghanap ng trabaho sa ibang bansa o sa mga kompanyang multinasyonal na nangangailangan ng kahusayan sa wikang Ingles. O puede rin namang matagal na nilang narating ang threshold level at tiyak nilang may sapat na silang kakayahan sa Ingles para sa mga kompleks na prosesong edukasyonal kaya mas pinipili nila sa lebel tersyari ang mga kursong Ingles ang Wpn.

Talahanayan 4d. Pangkalahatang Pananaw ng mga Respondent na Alumni tungkol Paggamit ng Filipino bilang Wpn

Lubos na sumasang-ayon:	
Kategorya	Rating
1. Ginagamit ang Filipino sa araw-araw na komunikasyon	4.20
2. Hindi nahihirapan sa kursong itinuturo sa Ingles	4.20
3. Walang problema sa paggamit ng Ingles	3.95
4. Nakakapagpahayag ng ideya at saloobin	3.88
5. Naihanda ng UPIS para sa pag-aaral sa kolehiyo	3.85
6. Nadarama ang pagka-Pilipino	3.75
Di sumasang-ayon	
7. Mas pinipili sa kolehiyo ang kursong Filipino ang MOI	2.46

Pananaw ng mga Estudyante, Guro, Magulang at Alumni Tungkol sa mga Subjek na Nais Nilang Ituro sa Filipino. Makikita sa Talahanayan 5a na sa pangkalahatan, preperensya ng mga respondent na estudyante ang pagtuturo ng Araling Panlipunan, Sining Praktika, Kalusugan, Edukasyong Pisikal at Sining sa wikang Filipino. Bagamat malapit din sa 50%, marami sa mga estudyanteng

ito ang nagsasabing hindi dapat gamitin ang Filipino bilang Wpn sa Matematika at Agham. Samantala, 31.33% lamang ang may gustong gumamit ng Filipino sa pagtuturo ng Musika.

Sa kahiwalay na pagsusuri ng preperensya ng mga respondent sa elementarya, nakitang mahigit sa 50% sa kanila ang nais gumamit ng Filipino bilang Wpn sa lahat ng subjek, maliban sa Musika. Kapansin-pansin ding mas mababa ang bahagdan ng marurunong (elem high) gustong gumamit ng Filipino sa Agham, Matematika, Musika, Sining at maging PE, samantalang mas gusto nilang gamitin ang Filipino sa Araling Panlipunan at Sining Praktika. Mangyari pa'y preperensya ng "elem low" (hindi marurunong) ang Filipino sa pagtuturo ng lahat ng asignatura.

Sa hayskul, mas gusto ng mga estudyante ang instruksyon sa Filipino ng Araling Panlipunan, Sining Praktika at Kalusugan, bagamat malapit din sa 50% ang gustong gumamit ng sariling wika sa Sining at PE. May 30% lamang ang gustong maituro sa Filipino ang Agham, Matematika at Musika, bagamat nakararami rin sa "HS low" (hindi marurunong) ang mas gustong gumamit ng Filipino sa pag-aaral.

Halos pareho lamang ang preperensya ng mga estudyanteng lateral (entri sa grado 7) at non-lateral. Mahigit sa 50% ng mga estudyante ang may gustong gamitan ng Filipino bilang Wpn ang Araling Panlipunan, Sining Praktika at Kalusugan. Malapit sa 50% ang may preperensyang gumamit ng Filipino sa Sining at PE, samantalang mababa sa 40% ang may gusto sa Filipino bilang Wpn sa Agham, Matematika at Musika.

Talahanayan 5a. Pananaw ng mga Estudyante tungkol sa mga Subjek na Nais Nilang Ituro sa Filipino

Subjek	Bahagdan (%)		
	Lahat	Lahat Elem	Lahat HS
Agham	42.65	60.59	31.63
Matematika	45.20	62.47	34.60
Araling Panlipunan	85.31	84.45	85.83
Sining Praktika	78.37	80.43	77.10
Kalusugan	64.59	66.22	63.59
Musika	31.33	38.61	26.85
Sining	55.71	67.83	48.27
Edukasyong Pisikal	56.73	66.76	50.58

Ayon sa Talahanayan 5b, magkatulad ang preperensya ng mga estudyante at guro dahil 50% o higit pa sa mga guro respondent ang gustong ituro sa Filipino ang Araling Panlipunan, Sining Praktika, Kalusugan, PE, at Sining. Mababa naman sa kalahati ng mga guro ang ayaw ituro sa Filipino ang Musika, Agham at Matematika.

Talahanayan 5b. Pananaw ng mga Guro tungkol sa mga Sabjek na Nais Nilang Ituro sa Filipino

Sabjek	Dami	Bahagdan (%)
Agham	11	30.56
Matematika	10	27.78
Araling Panlipunan	33	91.67
Sining Praktika	29	80.56
Kalusugan	24	60.67
Musika	14	38.89
Sining	18	50.00
Edukasyong Pisikal	21	58.33

Gaya ng nakararaming estudyante at guro, binigyan ng mga magulang ng matataas na rating ang Araling Panlipunan, Sining Praktika, Kalusugan, PE at Sining dahil nais nilang ituro ang mga ito sa Filipino (Talahanayan 5c). Mababa ring bahagdan ang kanilang ibinigay sa paggamit ng Filipino bilang Wpn sa Musika, Agham, at Matematika. Lalo itong totoo sa mga respondent na magulang na may parehong anak sa hayskul at elementarya, gayon din sa mga magulang na hindi tiniyak kung nasaang grado ang kanilang anak.

Talahanayan 5c. Pananaw ng mga Magulang tungkol sa mga Sabjek na Nais Nilang Ituro sa Filipino

Sabjek	Bahagdan (%)				
	Lahat ng Magulang	May anak sa HS	May anak sa Elem	Parehong nasa HS at Elem	Walang sinabing antas
Agham	24.08	24.82	26.47	9.26	0.26
Matematika	23.52	22.70	27.06	12.96	26.09
Araling Panlipunan	81.36	85.11	80.59	61.11	82.61
Sining Praktika	74.04	76.60	71.18	66.67	75.36
Kalusugan	61.32	65.25	54.71	53.70	66.67
Musika	35.71	34.75	38.82	35.19	31.88
Sining	53.40	49.65	60.00	55.56	49.28
PE	56.62	51.42	63.53	66.67	52.17

Sa Talahanayan 5d, nangungunang muli ang Araling Panlipunan, kasunod ang Sining Praktika, Kalusugan, Sining, at PE sa mga subjek na nais ng mga alumni na ituro sa Filipino. Sa kabilang dako'y hindi rin nila gustong ituro sa Filipino ang Musika, Matematika at Agham.

Talahanayan 5d. Pananaw ng mga Alumni tungkol sa mga Subjek na Nais Nilang Ituro sa Filipino

Subjek	Bahagdan (%)
Agham	20.34
Matematika	27.12
Araling Panlipunan	84.75
Sining Praktika	77.97
Kalusugan	57.63
Musika	30.51
Sining	55.93
PE	52.54

Pananaw ng mga Guro, Magulang at Alumni Tungkol sa Gradong Dapat Pagsimulan ng Paggamit ng Ingles bilang Wpn. Kalat ang preperensya ng mga guro sa anim na departamentong kasangkot sa pag-aaral na ito kaugnay ng gradong gusto nilang pagsimulan ng pagtuturo ng Ingles sa UPIS (Talahanayan 6a). Lima sa 10 guro sa PA ang may preperensya sa kindergarten, iba-iba na ang preperensya ng lima pa. Lalong kalat ng preperensya ng mga guro sa Agham, may pumili pa ng grado 9. Sa kabuuan, nakararami ang mga gurong may preperensya sa paggamit ng Ingles bilang Wpn sa elementarya.

Kapansin-pansing ang lebel kindergarten ang may pinakamalaking bahagdan (20.59%) ng pagpili ng mga guro, bagamat ang mga ito'y nagmula lamang sa dalawang departamento. Kasunod na may pinakamataas na rating ng pagpili ang grado 5 (17.65%) at kabilang sa apat na departamento ang mga gurong pumili nito.

Talahanayan 6a. Pananaw ng mga Guro tungkol sa Gradong Dapat Pagsimulan ng Paggamit ng Ingles bilang Wpn

Subjek na Itinuturo	Mungkahing Antas											Walang sagot
	K	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	
Health		1										2
K-2				2	1	1						1
Math		1		2		2						1
PA	5	1			2	2						
Science	2	2	1					2		1		1
Soc. Studies						1						
Total	7	5	1	4	5	6	0	2	0	1	0	5
Bahagdan	20.59	14.71	2.94	11.76	8.82	17.6	0.00	5.88	0.00	2.94	0.00	14.71

Antas sa pinagbuturuan	Mungkahing Antas											Walang sagot
	K	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	
K-2				2	1	1						1
Elementary	1	2	1		2	1		1				2
High School	5	2		2		4		1		1		2
Elem/HS	1	1										
Total	7	5	1	4	3	6	0	2	0	1	0	5
Bahagdan	20.59	14.71	2.94	11.76	8.82	17.6	0.00	5.88	0.00	2.94	0.00	14.71

Ang mga antas kindergarten (27.35%), grado 1 (20.21%), grado 3 (9.41%), at grado 7 (13.41%) ang pinagpilian ng mga magulang na dapat pagsimulang gamitan ng Ingles bilang Wpn (Talahanayan 6b). May maliit pang bahagdanang pumili sa lahat ng grado, na nangangahulugang Ingles ang gusto nilang gamiting Wpn sa lahat ng antas.

Talahanayan 6b. Pananaw ng mga Magulang tungkol sa Gradong Dapat Pagsimulang Gamitan ng Ingles bilang Wpn

Antas	Bahagdan (%)				
	Lahat ng Magulang	May anak sa HS	May anak sa Elem	May anak sa HS at Elem	Di sinabi ang antas
K	27.35	22.70	35.88	33.33	20.59
1	20.21	26.60	13.53	14.81	14.71
2	2.26	1.06	4.12	0.00	4.41
3	9.41	5.67	11.76	18.52	11.76
4	4.01	3.19	4.71	9.26	1.47
5	2.61	1.42	5.88	1.85	0.00
6	1.39	0.35	2.35	3.70	1.47
7	13.41	18.79	8.24	5.56	10.29
8	0.52	0.71	0.00	0.00	1.47
9	2.26	3.55	0.00	0.00	4.41
10	0.87	1.06	0.59	0.00	1.47
Lahat	2.26	0.71	4.12	3.70	2.94
Walang sagot	13.41	14.18	8.82	9.26	25.00

Batay sa Talahanayan 6c, sa grado 1, kindergarten at grado 7 gusto ng mas maraming respondent na alumni magsimula ang paggamit ng Ingles bilang Wpn. Ngunit kalat din ang preperensya ng 34 respondent sa kabuuan, tulad ng mga respondent na guro at magulang, at mayroon pang hindi sumagot (11.86%).

Talahanayan 6c. Pananaw ng mga Alumni tungkol sa Gradong Dapat Pagsimulang Gamitan ng Ingles bilang Wpn

Antas	Bahagdan (%)
K	23.73
1	25.42
2	1.69
3	3.39
4	5.08
5	1.69
6	0.00
7	20.34
8	1.69
9	3.39
10	1.69
Walang sagot	11.86

Interesante ang kabuuang resulta ng sarbey sa mga estudyante, guro, magulang, at alumni. Nakita ng mga respondent ang maraming benepisyo ng paggamit ng Filipino bilang Wpn sa UPIS. Maliban sa isang aytem ("Mas pinipili sa kolehiyo ang mga kursong Filipino ang MOI") na sinagutan ng mga alumni, pawang binigyan ng apat na grupo ng positibong rating ("lubos na sumasang-ayon" at "sumasang-ayon") ang iba pang kategorya, bagamat may mga mahuhulaang pangamba sa kanilang

mga sagot, partikular sa kahandaan ng mga gradweyt ng UPIS sa mahusay na paggamit ng Ingles sa kolehiyo at sa iba pang layunin.

Pare-pareho ang preperensya ng apat na grupo ng respondent sa mga subjek na nais nilang ituro sa Filipino: ang Araling Panlipunan, Sining Praktika, Kalusugan, Edukasyong Pangkalusugan, at Sining. Pare-pareho ring ayaw nilang ituro sa Filipino ang Agham, Matematika at Musika.

Ngunit nakakatawag-pansin ang katotohanang kahit pa nakita na ng lahat ng respondent ang mga kabutihang dulot ng paggamit ng Filipino bilang Wpn panturo sa UPIS sa lahat ng subjek at antas ay mas preperensya pa rin ng malaking porsyento ang maagang paggamit ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa lebel kindergarten. Bagamat hindi natukoy kung may significant difference ang pagkakaiba ng mga persepsyon, masasabing *walang korelasyon* ang kanilang positibong pananaw sa paggamit ng Filipino bilang Wpn sa kanilang pananaw tungkol sa gradong dapat pagsimulan ng paggamit ng Ingles bilang Wpn. Mahihiwatigan lamang ang iba't ibang "agam-agam" ng mga respondent kaugnay ng palising pangwika ng paaralan na malinaw namang natukoy sa mga kaugnay at magkakahiwalay na pag-aaral sa K-2, 3-6 at 7-10.

Sintesis

Maraming kabatiran o insight ang mahihinuha sa pag-aaral na ito tungkol sa paggamit ng Filipino bilang wika ng instruksyon.

Unang-una, ipinakita ng iba't ibang datos na epektibo ang katutubong wika, na tinutukoy na

"Filipino" sa pag-aral na ito, bilang midyum ng pagtuturo sa basic education. Hindi ito pahuhuli, at lubos pa ngang nakalalamang sa Ingles, sa pagdebelop ng mga akademikong kaaalaman at kasanayan sa mabababang grado, o sa kaso ng pag-aaral na ito, hanggang grado 4. Maaari naman itong makipagsabayan sa Ingles sa mataas na grado gaya ng ipinakita ng datos sa DAT, 2000 Grade 7 admission test, at UPCAT. Nakalalamang din ito kung pag-uusapan ang positibong pananaw ng mga respondent kaugnay ng "masaya, masigla, at matalinong interaksyon sa loob ng klase."

Batay sa resulta ng pagsusuri ng GWAs at mean grades ng mga respondent na estudyante, nagsisimula sa grado 5 ang bilingual literacy ng estudyante sa wikang Filipino at Ingles. Nangangahulugan itong halos balanse na ang kakayahang ng estudyante sa kanyang W1 (Filipino) at W2 (Ingles) kaya maaari na niyang magamit ang mga ito sa matalino at epektibong pagsasagawa ng mga prosesong edukasyonal.

Base naman sa pagsusuri ng mga pormularyong pansarbey, nadama ng mga respondent ang mga kabutihang dulot ng paggamit ng Filipino bilang Wpn, bagamat may tiyak silang preperensya kung saang mga subjek ito dapat gamitin bilang Wpn. Gayun din, kahit nakita nila ang mga benepisyo ng Filipino sa pagtuturo, walang korelasyon ang kanilang positibong pananaw sa pagpili nila sa Ingles bilang midyum ng instruksyon simula sa mabababang grado. Samakatwid, gusto pa rin ng nakararaming alumni, magulang at guro ang maagang paggamit ng Ingles bilang Wpn.

Konklusyon

Malinaw ang naging resulta ng kabuuang pag-aaral: naging mabisa ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa UPIS. Napatunayan ang teoryang isinulong ng patakarang pangwika ng Unibersidad: "Mapapabilis ang pagtanggap ng mga kaaalaman at magiging epektibo ang pagkatuto kapag isinagawa sa wikang madaling maunawaan."

Gayunman, hindi malisaisantabi ang natukoy ng pag-aaral na makatotohanang problema sa implementasyon ng naturang patakaran: hindi lubos ang pagtanggap ng mga estudyante, guro, magulang at alumni ng UPIS sa patakarang ito. Tutol silang ituro sa Filipino ang lahat ng akademikong subjek. Malaki-laki rin ang bilang ng mga gustong simulan ang paggamit ng Ingles bilang Wpn sa mababang grado.

Itinuring ng UP Integrated School na isang natatanging inobasyon nito sa basic education ang implementasyon ng patakarang pangwika ng Unibersidad ng Pilipinas bilang tugon sa probisyong pangwika ng 1987 Konstitusyon. Ngunit bilang isang institusyong bukas at sensitibo sa mga nadaramang pangangailangan at sa loobin ng mga stakeholder ng paaralan, kinailangang isaalang-alang ng UPIS ang resulta ng mga sistematikong pag-aaral sa pagre-rebyu ng patakarang pangwika nito.

Unang iniharap sa fakulti ng UPIS ang resulta ng pag-aaral na ito noong Setyembre 17, 2002. Sa mga diskusyong naganap, lumutang ang mga sumusunod na punto na gumabay sa pagdedesiyon ng kaguruan:

1. Epektibo ang Filipino bilang Wpn at nakita iyon sa akademikong performance ng mga respondent na estudyante sa iba't ibang pamaraan (DAT na isang standardized test, mga resulta ng UPCAT, UPIS Grade 7 Admission Test, at average mean grades).

2. Mas epektibong gamitin ang Filipino bilang wikang panturo sa mga unang lebel ng pag-aaaral, mula kindergarten hanggang grado 4.

3. Mula grado 5, bilingual literate na kapwa sa Filipino at Ingles ang mga estudyante, na nangangahulugang kaya na nilang gamitin ang dalawang wika nang may balanse, o halos balanseng kahusayan.

4. Mas nakalalamang ang Filipino kung pag-uusapan ang "masaya, buhay at matalinong oral na interaksyon sa loob ng klase."

5. Gusto ng mga estudyante, guro, magulang at alumni na gamitin ang Filipino bilang Wpn sa lahat ng subjek, maliban sa Agham, Matematika, at Musika.

6. May mga kaakibat na problema ang implementasyon ng patakarang pangwika ng UPIS na hindi mailipagkibit-balikat lamang ng fakulti sapagkat nakakaapekto sa saloobin ng maraming stakeholder ng paaralan. Unang-una ang malaking kakulangan ng mga materyales panturong nakasulat sa Filipino, lalo na sa Agham na sumasailalim sa napakabilis na mga pagbabagong pangkaalaman, pati na sa Matematika na may sariiling nuances ang lengguahe. Ikalawa ang napakalimitadong pagkalantad o exposure sa, at aktuwal na paggamit ng, Ingles maging sa matataas na grado (dahil sa mga kursong Ingles lamang ito ginagamit) na nagdudulot ng ilang makatotohanang bunga, gaya ng mga sumusunod:

(a) paghina ng mga kasanayan sa komunikasyong pasalita at pasulat

sa Ingles ng mga bata; (b) pagiging dehado ng maraming estudyante at gradweyt ng UPIS sa mga pagkakataong kailangan nilang makipagkompetensiya sa mga estudyante o gradweyt ng ibang paaralan na sanay na sanay gumamit ng Ingles (sa mga kontest, forum, pag-aaplay sa iskolarship, trabaho, iba pa); at (c) kalimintang kawalan ng interes, kundi man katamaran, ng mga bata sa pagbasa ng mga materyales na nakasulat sa Ingles (world literature, aklat, magasin, iba pa). Idagdag pa rito ang napakataas na pagtingin at ekspektasyon ng urbanisadong kapaligiran ng UPIS, bilang bahagi ng primyer na Unibersidad ng bansa, sa "nata-tanging kahusayan" ng mga estudyante nito *kapwa* sa komunikasyong Filipino at Ingles - sa mga pangangailangang edukasyonal, sosyal, ekonomik at pulitikal, pambansa man o pang-internasyonal.

Naging mahaba at "madugo" ang mga isinagawang diskusyon tungkol sa isyu. Ngunit pagkatapos ng ilang pulong, inaprobahan ng kabuuang UPIS fakulti noong ika-11 ng Marso 2003, at ipinatupad simula AY 2003-2004, ang ganitong patakarang pangwika:

Mula Kindergarten hanggang grado 4, Filipino ang wikang panturo sa lahat ng subjek, maliban sa CA English, Musika at Arte.

Mula grado 5 hanggang 10, sinusunod ng UPIS ang palising bilingguwal na Ingles ang wikang panturo sa English, Music at Arts, Mathematics at Science; Filipino ang midyum ng pagtuturo sa CA Filipino, Araling Panlipunan, Sining Praktika, Kalusugan, at Edukasyong Pisikal.

Samantala, hindi man binabanggit sa nirebisang patakaran ay isang "tahimik na kasunduan" ang malinaw sa kaguruan ng U.P. Integrated School: sa sandaling nahihirapang magpaliwanagan tungkol sa leksyon ang guro at estudyante sa mga subjek na Ingles ang wikang panturo, laging magagamit ang Filipino bilang wikang pantulong, o auxiliary language.

Mga Reperensya

- Borbon, Veronica. 1994. *The Comparative Effectiveness of Filipino and English as Medium of Instruction in Developing Science Enquiry Skills*. Unpublished Dissertation. University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Chamot, Anne at Michael O' Mailey, J. 1990. *Learning Strategies in Second Language Acquisition*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Corson, D. 2001. *Language Diversity and Education*. Washington: Laurence Erlbaum Associates.
- Cummins, Jim. 1991. "Interdependence of First and Second Language Proficiency in Bilingual Children." Ellen Bialystok (ed.), *Language Processing in Bilingual Children*. Cambridge: Cambridge University Press.
- De Villa, Ma. Theresa L. 1999, Pebrero. "Impormal na Sarbey sa mga Guro ng UPIS Tungkol sa Paggamit ng Filipino Bilang Wikang Panturo sa UP Integrated School." Unpublished copy.
- Gardner, Howard. 1993. *Multiple Intelligences: The Theory in Practice*. New York: Basic Books.
- Guevarra, Michelle. 2000. *Sitwasyong Pangwika sa UPIS: Isang Pagsusuri*. Unpublished Master's thesis, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.
- Hermosa, Eleanor Eme E. 1996, October. "Atis, Apple, Atbp.: Isang Pag-aaral sa K-2." *Alipato*, 1 (1), 6-11.
- Javier, Emil. 1997. *Kalatas sa Aklat Paraluman Series*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.
- Republika ng Pilipinas. 1987 *Konstitusyon ng Pilipinas*.
- Resuma, Vilma M. 1999, Agosto. "Persepsyon ng mga Guro ng UPIS tungkol sa Filipino bilang Wikang Panturo: Isang Impormal na Pag-aaral." Unpublished copy.
- _____. 2002. "Pang-akademiyang Register ng Filipino: Kaso ng UP Integrated School." *Minanga: mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Diliman, Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Sentro ng Wikang Filipino. 1990. *Patakarang Pangwika: Isang Paglilinaw*. Diliman, Quezon City.